

Tungkol sa Kalusugan

Ang Pagsasaayon ng side effects ng mga gamut na laban sa HIV

Ano ang side effects?

Ang isang kagamutan ay karaniwang ihinahatol para sa isang tiyak na dahilan – ito ay tinatawag na therapeutic. Kaya lamang, kung minsan ang mga ito ay nagdadala ng mga sintomas na hindi inaasahan. Ang mga sintomas na ito ang tinatawag na side effects.

Ang mga side effects ay maaring bahagya lamang o malala at ang iba't ibang tao ay iba't iba ang nagiging epekto. An side effects ay maaring maging kaiba sa mga ibang lahi o ibang sex. Ang ibang side effects ay saglit lamang at ang iba'y maaring magpatuloy habang iniinom ang gamut, at maaring hanggang itigil na ang gamut.

Kung minsan, mahirap malaman kung ang mga sintomas na nararamdaman ay dahilan sa side effects ng gamut o dahil sa HIV mismo o ibang impeksyon. Kung minsan ang sintomas ay maaring dahilan sa kumbinasyon ng lahat ng mga ito.

Ano-anong uri ng side effects?

Sa pangkalahatan, ang side effects ay maaring maging pangmatagalan o panandalian.

An Panandaliang side effects ay hindi kanais-nais na sintomas na nararamdaman matapos simulan ang paggagamot (mula sa pagka-inom ng gamut o sa loob ng ilang lingo). Karamihan ng tao ay bumibilang ng panahon bago maka-adjust sa kagamutan. Ito ay maaring tumagal ng 4 hanggang 6 na lingo. Kung ang katawan ay masanay sa gamut, ang side effects ay karaniwang nababawasan sa paglipas ng panahon. Ang ibang side effects ay maaring maglagi ng mahabang panahon.

Narito ang mga karaniwang side effects ng mga kagamutang laban sa HIV:

- pagkahapo
- sakit ng ulo
- pagkaduwal o pagsusuka
- pagtatae
- rashes sa balat
- peripheral neuropathy (sakit, paghilab o pamamanhid ng mga kamay, binti o paa)
- pagiiba ng pagreregla

Ang matagalang side effects ay mga sintomas na patuloy na nararamdaman habang iniinom ang gamut, ganundin ang mga sintomas na nararamdaman lamang matapos inumin ang gamut ng mahabang panahon (ilang buwan o maaring taon). Ito ay karaniwang dahilan ng matagalang epekto ng gamut na nakapagpapabago ng kalagayan ng iba't ibang bahagi ng katawan.

Narito ang ilang matagalang side effects:

- pagbabago ng hubog ng katawan (lipodystrophy)

- pagbabago sa antas o level ng taba at sugar sa dugo (mataas na kolesterol, diabetes)
- pagkawala ng kakayahang makapag sex
- depression
- peripheral neuropathy

Anong maaring gawin para sa mga side effects?

Ang susi tungo sa paglunas ng side effects ay pag-alam kung anong dapat na abangan upang mapaghandaan kung sakaling magkaroon ng problema.

Bago simulan ang isang bagong kagamutan, magtanong muna sa iyong doctor o parmasyutika:

- Ano ang mga pangkaraniwang side effects ng kagamutang ito (ang madalian at matagalan)
- Ano ang pinakang malalang side effects?
- Kailan magsisimula ang side effects?
- Gaano katagal maaring maglagi ang side effects?
- May magagawa ba ako para maiwasan ang side effects?
- Anong maari kong gawin laban sa mga side effects?
- Kailan dapat tawagin ang doctor o itigil ang paginom ng gamut?

Pagsisimula ng paggagamot, makatutulong kung:

- susubaybayan kung kailan at paanong iniinom ang gamut
- tandaan kung anong pakiramdam matapos uminom ng gamut – kung ang mga sintomas ay papalala, pareho lamang, o mas mabuti ang pakiramdam sa bawa't pag-inom

Narito ang iba't ibang paraan ng pagsasaayos ng side effects:

- Pagiiba ng paraan ng pag-inom ng kagamutan (halimbawa, kung pagkakain o hindi)
- Pag-iiba ng oras ng pag-inom
- Ang pag-inom ng ibang kagamutan o ibang paraan upang makontrol ang sintomas. Kailan-gang tandaan ang kahalagahan ng paglalahad ng lahat ng non-prescription drugs, kasama na ang mga ibang therapies na ginagamit. Sila'y makatutulong sa pag iwas sa mga maaring maging masamang epekto ng pagsasama sama ng mga gamut.

Kung nais ng iba pang detalye at tukoy na side effects at ang pagsasaayos sa mga ito, makikita ito sa Fact Sheets sa ilalim ng "Tungkol sa kalusugan":

- Suliranin sa buto
- Depression
- Pagtatae
- Lactic acidosis
- Lipodystrophy
- Peripheral neuropathy
- Suliraning Sekswal
- Wasting

Huwag itititigil ang paggamot ng alinman sa mga kagamutan, o babawasan ang iniinom hang-gang hindi nakakausap ang doctor o parmasyutika. Maaring magkaroon ng lakas na lumaban ang iyong virus sa gamut, na maaring ikabagsak ng paggagamot. Bago patigilin ka ng mga side effects na lumampas o itigil ang kagamutan, makipag-usap sa iyong doctor kung anong pinakam-abuting gawin.

Copyright @ACAS 2001 & 2006. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be down-loaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.